Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-21 NG ENERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

*DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad<br>*Gumanap na Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| *Kgg. Eugenio A. Javier, Jr.* | ............... | *Kagawad* |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad - ABC |

*DI-DUMALO:*

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............... | Kagawad - SK |

KAPASIYAHAN BLG. 014-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG MILYON APATNAPUNG LIBO ISANDAAN SIYAM NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P2,040,109.40) PARA SA MGA GASTUSING HINDI NABAYARAN NANG NAKARAANG TAONG 2003.*

*SAPAGKA'T*, may iniliwat ang Pambayang Tagatuos sa Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Badyet ng sipi ng mga pinagkagastusan nang nakaraang taon na di nakayanang bayaran dahilan sa kakulangan ng kabuuang kinita nang taong 2003;

*SAPAGKA'T, ang naturang sipi ng pinagkagastusan na umaabot sa **P2,040,109.40** ay* iniliwat at hiniling ng Pambayang Pinuno sa Badyet sa sanggunIang ito na mabayaran at maisama sa mga bayarin para sa Taunang Badyet ng taong kasalukuyan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na *pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Purita P. Sarmiento at Angelito U. Limjuco* at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang sumusunod na:

KAUTUSAN SA PAGLALAAAN BLG. 03-T'04

*KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG PAGLALAAN NG HALAGANG DALAWANG MILYON APATNAPUNG LIBO ISANDAAN SIYAM NA PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P2,040,109.40) PARA SA MGA GASTUSING HINDI NABAYARAN NANG NAKARAANG TAONG 2003.*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Ilaan at isama sa pangkalahatang pondo sa Taunang Badyet 2004 ang halagang *P2,040,109.40* mula sa pondo sa mga *Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod, Tanggapan ng Pamilihang Bayan, Tanggapan ng Punong Bayan, Rural Health Unit I, Local* School Board at Tanggapan ng Sangguniang Bayan para sa mga gastusing hindi nabayaran nang taong 2003 dahilan sa kakulangan ng kinita ng pamahalaang bayan sa nabanggit na taon, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN:* Na pagkalooban ng kapangyarihan ang Gumaganap na Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa pagliliwat at paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit at ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
*Kagawad*

KGG. EDGARDO T. PORCA
*Kagawad*

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
*Kagawad*

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
*Kagawad*

KGG. PURITA P. SARMIENTO
*Kagawad*

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
*Kagawad*

NAGPATOTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

3/02/04

3-8-04